

Programa ng Ayudang Pera sa Sakuna (Disaster Cash Assistance Program) Mga Madalas Itanong

Ano ang Programa ng Ayudang Pera sa Sakuna (Disaster Cash Assistance Program) o DCAP?

Ilulunsad ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan ang Programa ng Ayudang Pera sa Sakuna (Disaster Cash Assistance Program), o DCAP, simula sa Abril 17, 2020. Nilalayon ng programang ito na tulungan ang ilang taga-Washington na matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan sa panahon ng state of emergency na dulot ng COVID-19 state of emergency.

Bakit ito nangyayari?

Bilang pagtugon sa pandemya ng COVID-19, nagdeklara si Gobernador Inslee ng state of emergency para sa lahat ng county sa estado ng Washington. Nagbibigay-daan ito sa DSHS na magbigay ng mga benepisyo sa ilalim ng Programa ng Ayudang Pera sa Sakuna (Disaster Cash Assistance Program) sa mga pamilya at indibidwal na karaniwang hindi kwalipikado para sa mga benepisyong pera.

Paano ako makakapag-apply?

Nangangailangan ang programang ito ng panayam sa pamamagitan ng tawag sa telepono. Puwedeng mag-apply ang mga sambahayan sa pamamagitan ng:

- Pag-apply online sa WashingtonConnection.org at pagkatapos ay pagtawag sa Contact Center ng Serbisyo sa Customer sa 877-501-2233 para kumpletuhin ang kinakailangang panayam.
- Pagtawag sa 877-501-2233 para kumpletuhin ang buong proseso ng aplikasyon.
- Pakitandaang nakakatanggap ng napakaraming bilang ng pagtawag ang Contact Center ng Serbisyo sa Customer at posible kang maghintay nang matagal. Ang pinakamainam na oras para sa pagtawag ay bago mag-11 a.m. Ang pinakaabalang oras para sa pagtawag ay mula 11 a.m. hanggang 2 p.m.

Matutukoy namin ang iyong pagiging kwalipikado para sa lahat ng aming programa sa isang panayam.

Gaano ko kadalas puwedeng matanggap ang tulong na ito?

Available ang programang ito para sa mga sambahayan sa loob lamang ng isang buwan kada 12 buwan sa panahon ng isang state of emergency.

Gaano katagal magiging available ang programang ito?

Ito ay isang pansamantalang programa at magtatapos ito kapag natapos na ang state of emergency, o mas maaga.

Maaari ba akong makatanggap ng benepisyong pera mula sa DCAP kahit na wala akong anak na kasama sa bahay?

Oo.

Maaari ba akong makatanggap ng DCAP at iba pang ayudang pera nang sabay?

Hindi. Ang DCAP ay isang one-time na ayudang pera para sa mga sambahayang hindi kwalipikado para sa iba pang ayudang pera ng DSHS.

Ano ang limitasyon sa kita para sa programang ito?

Nakabatay sa bilang ng mga nakatira sa iyong bahay ang limitasyon sa net na kita (pagkatapos ng mga pagkaltas) para sa lahat ng kitang inaasahan sa buwan ng aplikasyon. Tingnan ang chart sa ibaba:

Bilang ng mga Nakatira sa Isang Bahay	Limitasyon sa Kita Pagkatapos ng Mga Pagkaltas
1	\$363
2	\$459
3	\$569
4	\$670
5	\$772
6	\$877
7	\$1,013
8+	\$1,121

Mayroon bang limitasyon sa mapagkukunan para sa programang ito?

Sa panahon ng kasalukuyang emergency, hindi kasama ang hanggang \$6,000 sa iyong mga available na mapagkukunan. Hindi rin kasama ang equity na hanggang \$10,000 sa isang sasakyan.

Anong impormasyon ang kailangan ko para sa aking panayam?

Sa panayam, tatalaykin natin ang lahat ng kitang inaasahan mo para sa buwan, ang iyong mga available na mapagkukunan, at ang mga gastusin kung saan ka nangangailangan ng tulong.

Sa anong uri ng mga gastusin ako puwedeng humingi ng tulong?

Sinasaklaw ng DCAP ang mga sumusunod na uri ng mga pangangailangan: Mga pambayad sa bahay, utilidad, damit, minor na medikal na pangangalaga, gamit sa bahay, at gastusin sa transportasyon para sa trabaho.

Puwede ring tumulong ang DCAP sa pagkain, ngunit ito ay kung hindi ka lamang kwalipikado para sa mga kasalukuyang benepisyo sa pagkain.

Ano ang maximum na halaga ng benepisyo mula sa DCAP?

Nakadepende ang halaga ng benepisyo sa bilang ng mga nakatira sa bahay, kita, at pangangailangan mo. Ang maximum na benepisyo ay nakalista sa ibaba:

Bilang ng mga Nakatira sa Isang Bahay	Maximum na Halaga ng Benepisyo
1	\$363
2	\$459
3	\$569
4	\$670
5	\$772
6	\$877
7	\$1,013
8+	\$1,121

Paano ko matatanggap ang mga benepisyo?

Kung inaprubahan ka para sa DCAP, ibibigay ang iyong mga benepisyo sa Electronic Benefit Transfer, o EBT, card mo. Kung wala ka nito, bibigyan ka namin ng card. Ipapadala ang card mo sa pamamagitan ng koreo, maliban na lang kung mayroon kang pangkalahatang address para sa paghahatid.

Kailangan ko bang maging mamamayan? Paano kung wala akong numero ng Social Security?

Hindi mo kinakailangang maging isang mamamayan ng U.S. o magkaroon ng partikular na status sa immigration para makatanggap ng DCAP. Hindi kasama sa pagsusuri sa pampublikong pagsingil ang anumang pagbabayad mula sa DCAP. Hindi mo rin kinakailangang magbigay ng numero ng Social Security para makatanggap ng DCAP.

Ibabahagi ba ang impormasyon tungkol sa aking immigration sa mga pederal na awtoridad ng immigration (United States Citizenship and Immigration Services)?

Hindi magve-verify ang DSHS ng impormasyon tungkol sa immigration sa USCIS para sa mga taong kwalipikado lamang para sa DCAP. Ibe-verify ng DSHS sa pamamagitan ng [SAVE system](#) sa ilalim ng kontrata nito sa USCIS ang status sa immigration ng mga indibidwal o pamilyang kwalipikado para sa iba pang programa ng ayudang pera o pagkain.